Long

Isa itong anunsiyo mula sa Serbisyo ng Pagkuwarentina sa Hayop at Istasyon para sa Proteksiyon ng Halaman ng Ministri ng Agrikultura, Panggugubat at Pangingisda sa Japan.

Ipinagbabawal ang pagdadala ng mga produktong mula sa hayop at ng mga halaman sa Japan.
Kabilang dito ang mga produktong tulad ng ham, mga sausage, prutas, gulay, pinitas na mga bulaklak at mga buto.
Hindi rin maaaring iuwi ang in-flight meal at hindi pinahihintulutan ang pagdadala ng mga natirang pagkain atbp. sa pagbaba ninyo ng eroplano.

Kung mayroon kang mga produktong mula sa hayop o mga halaman, mangyaring pumunta sa alinman sa "Despatso ng Pagkuwarentina sa Hayop" o sa "Despatso ng Pagkuwarentina sa Halaman" ayon sa kung ano ang naaangkop para sa isang inspeksiyon bago ang pahintulot ng adwana.

Bilang karagdagan, kung nakabisita ka sa mga lugar na may mga hayop o nagbabalak kang humawak ng mga hayop sa Japan, mangyaring pumunta sa "Despatso ng Pagkuwarentina sa Hayop".

Kung ilegal kang nag-import ng mga produktong mula sa hayop o ng mga halaman sa Japan, maaari kang makulong nang hanggang 3 taon o pagmultahin ng hanggang 3 milyong yen alinsunod sa batas. Sa kaso ng isang kompanya o organisasyon, ang multa ay hanggang 50 milyong yen.

Kung may dala kang mga ilegal na produktong mula sa hayop, maaaring hindi ka rin papasukin sa Japan.

Hinihiling namin ang iyong mabuting kooperasyon upang maiwasan ang pagpasok ng mga nakakahawang sakit na mula sa hayop tulad ng African swine fever at ng mga nakakapinsalang peste ng halaman tulad ng mga Fruit fly na kumakalat sa Asya at sa buong mundo.
Salamat

Short

Isa itong anunsiyo mula sa Serbisyo ng Pagkuwarentina sa Hayop at Istasyon para sa Proteksiyon ng Halaman ng Ministri ng Agrikultura, Panggugubat at Pangingisda sa Japan.

Ipinagbabawal ang pagdadala ng ham, mga sausage, prutas, gulay, o pinitas na mga bulaklak sa Japan.
Hindi rin maaaring iuwi ang in-flight meal.

Kung mayroon kang mga produktong mula sa hayop o mga halaman, mangyaring ipaalam ang mga ito sa alinman sa "Despatso ng Pagkuwarentina sa Hayop" o sa "Despatso ng Pagkuwarentina sa Halaman" ayon sa kung ano ang naangkop.

Maaari kang maparusahan kung dadalhin mo ang iyong mga produktong mula sa hayop o mga halaman sa Japan nang hindi na-inspeksiyon ng Serbisyo ng Pagkuwarentina sa Hayop o ng Istasyon para sa Proteksiyon ng Halaman.

Kung may dala kang mga ilegal na produktong mula sa hayop, maaaring hindi ka rin papasukin sa Japan.

Hinihiling namin ang iyong mabuting kooperasyon upang maiwasan ang pagpasok ng mga nakakahawang sakit na mula sa hayop at ng nakakapinsalang mga peste ng halaman na kumakalat sa buong mundo.

Salamat